**Pamagat**: Paano Sinasagot ni Jesus ang Pagdududa

**Texto**: Matt. 11:6 "And blessed is he, whosoever shall not be offended in me."
*Pagsasalin*: At mapalad ang sinomang hindi makasumpong ng anomang katitisuran sa akin. (Mateo 11:6)

**Panimula**:

1. Kapag ang tao naghahanap ng katotohanan o nagiisip ng mga bagay na patungkol sa Diyos, karaniwan lamang na sila ay maraming pagdududa. Baka nakaranas ka ng ganitong pangyayari.
2. Si Juan ay nagpadala ng dalawang alagad upang magtanong sila patungkol kay Jesus at ang kaniyang mission. Matt. 11:3 At sinabi sa kaniya, Ikaw baga yaong paririto, o hihintayin namin ang iba?
3. Inaasahan nila na siya ay ang Messiah ng Diyos, pero, hindi nila alam na ang una niyang pagpaparito ay para sa pagligtas ng mga makakasalanan sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan.

**I. Ano ang Pagdududa**?

1. Ang pagdududa sa Diyos ay base sa kamangmangan patungkol sa katotohanan. Ito ay nagmumula sa depekto ng kaalaman o ng ebidensya. Ito ay kawalan ng katiyakan ng isip. Walang panatag na opinion, at ito ay nagreresulta ng hinala, pagbibintang, takot o pangamba.
2. Makikita natin kay Juan na Bautista at ang kaniyang mga alagad ang maling pagiisip patungkol sa Messiah. Kaya sila ay tuloy na nagduda.
3. Karaniwan po sa mga tao ang pagdududa sa Diyos:
    a. Bakit may mga salot, at sakit, at masasama sa mundong ito, kung mayroon Diyos?
    b. Bakit napakarami ng mga relihiyon?
4. Itong mga tanong ay nagreresulta ng dakilang pagdududa sa persona ng Diyos. Ibig sabihin mayroon mga maling pananaw na dapat maiwasto or maituwid.
    a. Hindi nauunawaan ng tao ang kasalanan at apekto ng kasalanan sa sanlibutan.
    b. Hindi nauunawaan ng tao ang kaniyang puso. (Pr. 21:2; Jer. 17:9)

**II. Paano Sinagot ni Jesus ang Pagdududa**?

1. Itinatag ni Jesus ang kaniyang mission: (11:4 - Magsiparoon kayo at sabihin ninyo kay Juan ulit ang mga bagay na inyong nangaririnig at nangakikita:)
    a. Mga bagay na inyong narinig. – Ebanghelyo patungkol sa kaligtasan. (Rom. 10:17)
    b. Mga bagay na inyong nakita. – ang mga gawain ng Diyos: milagro at kababalaghan.
2. Itiburo niya ang mga ito sa Banal na Kasulatan: (11:5 - Ang mga bulag ay nangakakakita, ang mga pilay ay nangakalalakad, ang mga ketongin ay nangalilinis, at ang mga bingi ay nangakaririnig, at ang mga patay ay ibinabangon, at sa mga dukha ay ipinangangaral ang mabubuting balita.
    a. Isaiah 35:4-6
    b. Isaiah 61:1
3. Naitama niya ang Kanilang mga Maling Pagpapalagay. (Lucas 7:21 sakit at salot ay pinagaling)
    a. Hindi siya na pa rito upang pagandahan ang sanglibutan.
    b. Siya ay nagliligtas ng bawat indibidwal na kaluluwa.
    c. Hindi siya nangangako na tatanggalin sa ating katawan ang mga sakit at kamatayan.
    d. Pero, haharapin niya ang bawat isa at bawat kaluluwa ng sa kaniya ay sumasampalataya.

**Katapusan**:

1. May pangako ang Panginoon sa mga hindi natitisod ng dahil sa kaniya. (Matt. 11:6)
2. Nawa tayo ay tumanggap sa kaniya sa pamamagitan ng pananampalataya at isuko natin sa kaniya ang ating sarili ngayon at magpakailanman!